PAHAYAG SA IMPORMASYON TUNGKOL SA BAKUNA

HPV (Human Papillomavirus) Vaccine: *Ano ang Kailangan Mong Malaman*

Many vaccine information statements are available in Tagalog and other languages. See www.immunize.org/vis

Maraming pahayag sa impormasyon tungkol sa bakuna ang available sa Filipino at iba pang wika. Tingnan ang www.immunize.org/vis.

1. Bakit dapat magpabakuna?

Maaaring mapigilan ng HPV (human papillomavirus) vaccine ang impeksyon sa pamamagitan ng ilang uri ng human papillomavirus.

Maaaring magdulot ang mga impeksyong HPV ng ilang uri ng kanser, kabilang ang:
- cervical, vaginal, at vulvar cancer sa mga babae
- penile cancer sa mga lalaki
- mga anal cancer sa mga lalaki at babae
- mga cancer sa mga tonsil, pinakapuno ng dila, at likod ng lalamunan (oropharyngeal cancer) sa mga lalaki at mga babae

Maaari ring magdulot ang impeksyong HPV ng mga kulugo sa anogenital.

Maaaring makapigil ang bakuna sa HPV sa mahigit na 90% ng mga kanser na dulot ng HPV.

Naililipat ang HPV sa pamamagitan ng pagdidikitan ng balat o pagdidikitan kapag nagtatalik. Napakapangkaraniwan ng mga impeksyong HPV kaya halos lahat ng tao ay magkakaroon ng kahit isang uri ng HPV sa isang yugto ng kanilang buhay. Kusang nawawala ang karamihan ng mga impeksyong HPV sa loob ng 2 taon. Pero minsan, mas magtatagal ang mga impeksyong HPV at maaaring magdulot ng mga kanser sa kalaunan.

2. Bakuna sa HPV

Laging inirerekomenda ang bakuna sa HPV para sa mga kabataang 11 o 12 taong gulang para masigurong protektado sila bago sila mahantad sa virus. Maaaring ibigay ang bakuna sa HPV simula 9 taong gulang at inirerekomenda ang pagbabakuna para sa lahat hanggang sa 26 taong gulang.

Maaaring ibigay ang bakuna sa HPV sa mga adulto mula 27 hanggang 45 taong gulang, batay sa mga talakayan sa pagitan ng pasyente at health care provider.

Kailangan ng 2 dosis ng bakuna sa HPV ng karamihan ng mga batang nakatanggap ng unang dosis bago umabot ng 15 taong gulang. Ang mga taong nakatanggap ng unang dosis sa edad na o bago ang 15 taong gulang at kailangan ng mga taong may mga kondisyong immunocompromise ng 3 dosis. Mabibigyan ka ng iyong health care provider ng higit pang impormasyon.

Puwedeng isabay ang pagtuturok ng bakuna sa HPV sa iba pang bakuna.

3. Makipag-usap sa iyong health care provider

Sabihin sa magtuturok ng bakuna kung ang tuturukang tao ay:
- Nagkaroon na ng **allergic na reaksyon pagkatapos maturukan ng naunang dosis ng bakuna sa HPV**, o mayroong anumang **malala at nakakapagsapanganib ng buhay na allergy**
- **Buntis**—hindi inirerekomenda ang bakuna sa HPV hanggang sa matapos ang pagbubuntis

Sa ilang kaso, maaaring magdesisyon ang iyong health care provider na ipagpaliban ang bakuna sa HPV hanggang sa susunod na pagbisita.

Puwedeng mabakunahan ang mga taong may mga banayad na karamdaman, gaya ng sipon. Kadalasang kailangang maghintay ng mga taong may bahagya o malalang karamdaman hanggang sa gumaling sila bago magpaturok ng bakuna sa HPV.

Mabibigyan ka ng iyong health care provider ng higit pang impormasyon.

U.S. Department of Health and Human Services
Centers for Disease Control and Prevention

4. Mga panganib sa pagkakaroon ng reaksyon sa bakuna

- Puwedeng mangyari ang pamamantal, pamumula, o pamamaga sa pinagturukan pagkatapos ng pagpapabakuna sa HPV.
- Puwedeng magkaroon ng lagnat o pananakit ng ulo pagkatapos ng pagbabakuna ng HPV.

May mga taong nahihimatay pagkatapos ng mga medikal na procedure, kabilang ang pagbabakuna. Sabihin sa iyong provider kung mahilo ka o may mga pagbabago sa iyong paningin o pag-ugong sa mga tainga.

Kagaya ng ibang gamot, may napakabihirang pagkakataon na magdulot ang bakuna ng malubhang allergic na reaksyon, iba pang seryosong pinsala, o pagkamatay.

5. Paano kung magkaroon ng seryosong problema?

Puwedeng magkaroon ng allergic na reaksyon pagkaalis sa klinika ng binakunahan. Kung makakita ka ng mga malulubhang allergic na reaksyon (mga pantal, pamamaga ng mukha at lalamunan, hirap sa paghinga, mabilis na tibok ng puso, pagkahilo, o panghihina), tumawag sa **9-1-1** at dalhin ang tao sa pinakamalapit na ospital.

Para sa ibang palatandaan na ikinababahala mo, tawagan ang iyong haelth care provider.

Dapat iulat ang malulubhang reakasyon sa Sistema ng Pag-uulat ng Malubhang Pangyayari (Vaccine Adverse Event Reporting System, VAERS). Kadalasang ang iyong health care provider ang mag-uulat nito, o puwedeng ikaw mismo ang gumawa nito. Bisitahin ang website ng VAERS sa **www.vaers.hhs.gov** o tumawag sa **1-800-822-7967**. *Ang VAERS ay para lang sa pag-uulat ng mga reaksyon, at hindi nagbibigay ang mga staff ng VAERS ng medikal na payo.*

6. National Vaccine Injury Compensation Program

Ang Pambansang Programang Kabayaran sa Pinsala dahil sa Bakuna (National Vaccine Injury Compensation Program, VICP) ay isang pederal na programa na ginawa para magbigay ng kompensasyon sa mga taong posibleng napinsala ng ilang partikular na bakuna. Ang mga claim tungkol sa sinasabing pinsala o pagkamatay dahil sa pagbabakuna ay may limitasyon sa panahon ng pag-file, na puwedeng kasing-ikli lang ng dalawang taon. Bumisita sa website ng VICP sa **www.hrsa.gov/vaccinecompensation** o tumawag sa **1-800-338-2382** para malaman ang tungkol sa programa at tungkol sa pag-file ng claim.

7. Paano ko malalaman ang higit pang impormasyon?

- Magtanong sa iyong health care provider.
- Tumawag sa iyong lokal o pang-estadong kagawaran ng kalusugan.
- Bumisita sa website ng Food and Drug Administration (FDA) para sa mga vaccine package insert at karagdagang impormasyon sa **www.fda.gov/vaccines-blood-biologics/vaccines**.
- Makipag-ugnayan sa Centers for Disease Control and Prevention (CDC):
  - Tawagan ang **1-800-232-4636** (**1-800-CDC-INFO**) o
  - Bumisita sa website ng CDC sa **www.cdc.gov/vaccines**.

Upang pahintulutan ang (mga) tagapagkaloob ng pangangalagang medikal ng tumpak na impormasyon tungkol sa kalagayan ng panlaban sa sakit o pagbabakuna, pagtaya sa panlaban sa sakit, at isang inirerekomendang palatuntunan ng pagbibigay sa hinaharap ng panlaban sa sakit, ang impormasyon ay ipapadala sa Michigan Care Improvement Registry (Talaan ng Pagpapahusay ng Pangangalaga ng Michigan). Ang mga tao ay may karapatang humiling na huwag magpadala ng impormasyon sa Talaan ang kanilang tagapagkaloob ng pangangalagang medikal.

DCH-1339bT

AUTH: P. H. S., Act 42, Sect. 2126.

Tagalog translation provided by California Department of Public Health, Immunization Program